TALAANG GINTO:
GAWAD SURIAN SA TULA-GANTIMPALANG COLLANTES 2008

Mga Tuntunin

1. ANG TALAANG GINTO: GAWAD SURIAN SA TULA-GANTIMPALANG COLLANTES ay timpalak sa pagsulat ng tula na itinataguyod kapwa ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Jorge Collantes-Foundation kaugnay ng pagdiriwang ng 'Araw ni Balagtas' tuwing Ikalawa ng Abril taun-taon.

2. Nilalayon ng timpalak na (a) lalo pang pasiglahin ang panulaang Filipino sa pamamagitan ng pagkilala sa mga batikan at baguhang talino at (b) pataasin pa ang uri ng panulaang Filipino.

3. Ang timpalak ay bukas sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at sa kanilang mga kaanak, at sa mga naging makata ng taon mula 2006-2007.

4. Ang kalahok na magwawagi ng limang (5) ulit bilang "Makata ng Taon" ay awtomatikong tatanghaling "Hall of Famer" at gagawaran ng pagkilala ng KWF sa isang natatanging okasyon para parangalan ang gayong pambihirang tagumpay na nakamit nito sa larangan ng sining sa pagsulat ng tula. Maaari pa rin siyang lumahok sa mga sumusunod na timpalak ng KWF kung nanaisin pa rin niya.

5. Ang mga lahok ay kailangang tumutugon sa mga sumusunod:
   * Paksa : Malaya ang paksa

   * Haba : Walang takdang haba

   * Sukat at Tugma : Maaaring ilahok ang mga tulang may sukat at tugma; maaari rin ang mga malayang taludturan.

   * Bilang ng lahok : Isang lahok lamang ang maaaring isumite ng bawat kalahok.

   * Bilang ng kopya: Apat (4) na kopyang makinilyado o kumpyuterisado na may dalawang espasyo sa bond paper na may sukat na 81/2" x 11".

   * Orihinalidad : Ang lahok ay kailangang orihinal na akda ng kalahok, hindi sinipi lamang sa akda ng iba. Hindi patatawarin ang sinumang nahuling nagkasala ng pangongopya. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok nito sa timpalak at di na muling makakasali pa sa alinmang timpalak ng KWF kung matutuklasang lumabag sila sa tuntuning ito.

* Iba pa : Ang mga lahok ay kailangang di pa nalalathala sa alinmang publikasyon at di pa rin naisasali sa alinmang timpalak. Hindi rin tatanggapin ang mga akda na bagamat orihinal nga ng kalahok ay nirebisa laang pala o recycled na bersyon ng isang luma at nalathalang tula. Hinahangad ng KWF na makakita ng mga pagbabago sa panulaang Filipino.

6. Ang lahok ay di dapat magtaglay ng pangalan ng kalahok o ano mang pagkakakilanlan sa kanya. Ang pangalan at tirahan ng kalahok at iba pang impormasyong personal ay kailangang isulat sa isang hiwalay na papel o sa pormularyo sa paglahok na makukuha nang libre sa KWF.

7. Ang mga lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

   Lupon sa Tula 2008
   Komisyon sa Wikang Filipino
   2nd Floor Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St.
   San Miguel Manila

8. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa Marso 10, 2008. Ang mga lahok na ipinadala sa pamamagitan ng koreo ay kailangang matanggap ng KWF nang di lalampas sa petsang nabanggit.

9. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod: Una, P15,000.00 at karangalang maging "Makata ng Taon 2008"; pangalawa, P10,000.00; pangatlo, P8,000.00 at tropeo bawat isa; at P3,000.00 at plake para sa magwawagi ng tatlong karangalang-banggit. Tatanggap din ang mga magwawagi ng katibayan ng pagwawagi.

10. Angkin ng KWF ang karapatang mailathala ang mga magwawaging lahok nang walang royalti sa mga makata.

11. Ang mga lahok, nanalo man o natalo, ay di ibabalik sa mga kalahok.

12. Ang pasya ng inampalan ay pinal at di maipaghahabol.

Maaaring magtanong sa Sangay ng Pagsasalingwika o sa Sangay ng Iba pang mga Wika at Literatura ng Pilipinas sa telepono blg. 736-2524/25 local 105 o 115.